

# PROLOGUE

Malakas ang buhos ng ulan na tila nakikiisa ang langit sa pagdadalamhati ng mga naroon sa memorial park. Ihahatid ng mga ito sa huling hantungan ang isang minamahal. At si Miranda Simon ay kabilang sa mga dinadamayan ng unos.

Nakatayo siya nang tuwid habang mag-isa sa ilalim ng isang manipis na puno. Nakasuot siya ng itim mula ulo hanggang paa. Walang mababasang expression sa kanyang mukha maliban sa matalim na titig ng kulay tsokolate niyang mga mata. Naka-plaster sa mukha niya ang mahaba at itim na buhok at sa kanyang katawan ang manipis na damit dahil basang-basa na siya.

Ayaw niyang magpayong. Hassle humawak niyon. May tents sanang naka-assemble para sa mga dumalo sa libing, pero ayaw niyang makikumpol sa mga tao. Pakiramdam nga niya ay hindi siya kaisa ng mga ito. What was she to them, anyway?

Niyakap niya ang sarili para salagin ang ihip ng hanging hanggang buto niya nanunuot ang lamig. Itiniim niya ang mga bagang para hindi mangatog ang kanyang panga. Pinanood niyang ilabas ang

selyadong kabaong mula sa sasakyang pinaglagakan dito habang bumibiyaha mula sa punerarya kung saan ilang araw ibinurol ang namatay. Ipinatong iyon ng mga taga-buhat sa pedestal na nakahanda sa gilid ng hukay.

Sinimulan ng pari ang dasal patungkol sa namatay. Pagkatapos ay isa-isang pinabasbas ang kabaong sa mga miyembro ng pamilya. Nakita niyang lumingon si Karen, ang kapatid ng yumao, na tila hinahanap siya para yakaging makibasbas sa mga ito. Umiwas siya ng tingin para hindi na makita ang paanyaya. Mabuti na lang hindi na siya pinapuntahan ng mga ito.

*In company with Christ,  
Who died and now lives,  
may they rejoice in Your kingdom,  
where all our tears are wiped away.  
Ashes to ashes... Dust to dust...*

Nagsimula siyang maglakad palayo. Wala nang punto ang pananatili niya roon, naisip niya. Ayaw

na niyang makita ang paglagak dito sa lupa. Ayaw nga sana niyang sumama sa libing na iyon, kung hindi lang maraming may masasabi kung wala siya. Naging bihira ang pagdalaw niya at ni hindi pa siya naglamay noong burol nito.

Sinusian niya ang kanyang kotse at saka sumakay. She soaked the upholstery with her wet clothes, pero hindi na bale. Bukas na niya poproblemahin ang pagtuyo niyon pati ang pagpapalinis ng interior dala ng putik na namuo sa suwelas ng suot niyang sandals.

Binuhay niya ang makina. Ang air con ay inilagay niya lang sa fan dahil hindi siya matutulungan ng lamig na ibubuga niyon. Magkakasakit pa siya kung gagawin niya iyon. As if she didn't feel sick enough.

Sa kanyang pagmamaniobra ay napansin niya ang isang nakaparadang sasakyan mga limandaang metro ang layo mula sa pinaglibingan. Hindi iyon makita nang mabuti ng mga mata niyang hila sa ulan, at lalong hindi niya maaninag man lang ang sakay niyon dahil sa dilim ng tint ng mga salamin. Pero alam ng puso niya. Kabisado ng puso niya.

Ang sasakyang iyon, ang pasahero niyon, ang dahilan ng panaghoy sa kanyang puso at isip. Iyon ang pinagmumulan ng namumuong pait sa kaibuturan ng kanyang pagkatao.

Walang sinumang makakahula sa kung ano ang tunay niyang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Maliban siguro kung may makakakita na halos mamuti na ang kanyang kamao sa higpit ng pagkakahawak niya sa manibela at hindi iyon dahil pinipigilan pa niya ang sarili niyang manginig sa ginaw.

Ang mahigpit na pagkapit ay para pigilan ang sariling magwala at magalit. Para pigilan ang sariling kabigin ang manibela para bundulin ang sanhi ng kanyang dalamhati. Dahil ang nakita niya ay ang dahilan kung bakit siya nakasuot ng itim ngayon. At gusto niya itong alisan ng karapatang mabuhay tulad ng inalisan din siya nito ng kalayaang maging masaya sa natitira pa niyang buhay.

Hindi pa siya nakakalayo nang maramdaman niya ang pagsuko ng kanyang katauhan. Sa wakas ay kinabig niya ang manibela at halos sumadsad siya sa bangketa sa gilid ng kalye doon. Sa wakas ay hinayaan niya ang sariling makaramdam ng lungkot. Sa wakas, makalipas ang isang linggong pagpapanggap, tinanggap niya ang katotohanan.

Wala na si Bobby. Wala na ang lalaking mahal niya.

# 1

*Almost five years later...*

Nag-aalanganing ‘oo’ ang isinagot ni Louie Angeles nang yayain siya ng mga kasamahang bumisita sa ospital sa isa sa kanilang kasamahan. Kapapanganak lang ng kanilang resident sniper na si Christina Ylanan-Magdayao at bilang malalapit sila sa isa’t isa, hindi pa man nakakaisang araw ang sanggol, nakatakda nang sila-sila sa opisina ang magiging mga ninong at ninang nito sa binyag.

“Ba’t ang asim ng mukha mo?” puna ni Heracles Marasigan.

“Hindi, uy,” tanggi niya, “may tinatapos lang ako.”

Excuse niya lang iyon, pero hindi siya aamin sa mga ito. Siya na lang ang nananatiling single sa kanilang grupo at malamang sa hindi, siya na naman ang magiging target ng asaran mamaya.

Although may saysay namang usyosohin pa niya ang nakikitang IP address...

“May tinatapos?” Sumilip si Ace Crisostomo sa

computer screen niya. “Wala naman tayong major na kaso ngayon, busy ka pa din diyan?”

“Wag ka nga!” Itinulak niya ito palayo. Wala namang censored sa tinitingnan niyang website, pero ayaw na ayaw niyang may nanonood sa kanya habang nagtatrabaho. Legal sa kanya ang mang-hack ng kung anu-anong websites pero minsan, nako-conscious pa rin siya sa nature ng trabaho niya. “Basta may binabantayan kasi akong IP address. Nagdududa na ako sa mga pinupuntahan nito.”

“Stalker ka!” bulalas ni Heracles.

“Siraulo!” Tumipa muli siya keyboard para mag-search ng panibagong link.

“Bitawan mo na ’yan at halika na.” Hinaltak ni Ace ang kuwelyo niya. “Gusto ko nang makita si Ina.”

“Teka nga! Ano ba’t kailangan natin magmadali, eh, hindi naman mapapanis ’yung pupuntahan natin kung mamayang konti pa tayo darating, di ba?”

Sabay-sabay umikot ang mga matang naroon.

“Louie, pagpapakita ito ng support!” paliwanag ni Gracie. “Malay natin kung nahimatay na ’yung asawa niya doon at natataranta siya kung paano tutulungan bumangon ’yung higanteng ’yun.”

Kung pagtatabihin kasi ang mag-asawa, ni hindi aabot si Ina sa balikat ng lagpas anim na talampakang taas ng kapitan ng *Philippine Army*.

“Fine, mag-sa-shutdown lang ako.” Sinimulan niya ang proseso, pero inilagay muna niya sa bookmarks niya iyong kahina-hinalang website na nakita niya. “Ang aga natin manggugulo, baka nagpapahinga pa ‘yung tao.”

“Sus! Concerned pa daw kunwari!” Pabirong hinaplos ni Heracles ang ulo niya.

“Les, bibigwasan kita.” Inambaan niya ito pero tumawa lang ang walanghiya.

Dinaanang nila sa isa sa mga receiving rooms ang asawa ni Heracles na si Ajie Marcelo-Marasigan na nakikipagchikahan doon kay Pearl Nicasio na fiancée naman ni Ace.

Pagdating nila sa *Medical City*, nagmistulang isang masayang reunion ang pagtitipon.

“Nakita ko na si Baby Hera!” anunsyo ni Gabe na nauna roon dahil umuwi pa ito saglit sa sariling pamilya mula sa isang assignment. Dinaanang na raw nito ang sanggol sa nursery.

“Sino’ng kamukha?” Humalik siya kay Ina bago

nakipagkamay kay Kyle.

“Ako, thank God,” sagot ng babae.

“Buti na lang,” hirit ni Heracles. “Nakakatakot yata kung babae siya ’tas kamukha mo, Kap.”

“Okay ka, ah,” nakangiting pakli ng bagong ama. “Sana makuha ang height ko, ano?”

Nakurot tuloy ang tagiliran nito ng misis. “May problema ka ba sa height ko?”

“Wala po,” malambing nitong tugon na humalik pa sa pisngi ng batang ginang, pero palihim na hinahaplos ang nasaktang bahagi ng tadyang.

“Sundalo ka nga,” biro ni Ace. “Takot sa malalakas ang boses.”

“Bakit ikaw, hindi?” hirit dito ni Heracles.

“Wooshoo! Ang tatapang magsalita,” inihilamos ni Ajie ang palad sa mukha ng asawa, “takot naman kayong lahat sa amin.”

“Oo nga,” sang-ayon ni Pearl. “Nagkukunwari lang na mga macho.”

“Mahal na mahal kasi namin kayo.” Humalik kay Pearl ang nobyo.



“Tama!” malakas na sabad ni Heracles. “Palagay n’yo ba magpapa-under kami sa inyo nang basta lang? Arekunaman!” Ininda nito ang nasikong tagiliran.

“Basta ako, quiet na lang ako dito,” sabad ni Louie.

“Malamang!” hirit ni Ina na kahit nakaratay pa ay hindi mapigilan ang pagdaldal. “Ikaw na lang kaya ang natitirang single dito. Ano naman ang mako-contribute mo sa usapan?”

“Ano ba ang balak mo, Pare?” tanong ni Ace.

“Balak saan?”

Suddenly, all eyes were on him. At damang-dama niya na parang sinusunog siya ng bawat makahulugang titig at pilyong ngiti.

“Nakita n’yo na naman ako.” Napakamot siya sa ulo.

“Kasi naman, Louie,” tumingin sa kanya si Ina, “hindi puwedeng itabi sa kama ang computer, ’no!”

Nagsitawanan ang lahat ng kalalakiang naroon.

“Nai-imagine n’yo ba kapag nagkaroon ng anak si Louie at ’yung PC niya?” Hinihinal sa katatawa si Heracles.

“Magkakaroon sila ng Baby Mouse!” hagikgik ni Gracie, isa pa nilang kasamahan.

“Ginagawa n’yo na naman akong entertainment,” reklamo niya. “S’abi ko na nga ba. Kaya ayokong sumama dito. Bakit ba kasi importante ang magka-girlfriend?” kunot-noo niyang balik sa mga ito.

“Hindi sa gan’un, Pare,” simula ni Gabe. “Kaya lang kasi naa-out of place ka na. Saka, tumatanda na tayong lahat, ano.”

Napailing siya. “Ang kukulit n’yo. Noong si Ina ang nagka-boyfriend, inaasar n’yo siyang OP dahil siya lang ang may karelasyon sa atin bukod kay Andrei na may asawa na.”

“Oo nga pero, Pare, nagbago na ang panahon.” Tinapik ni Heracles ang balikat niya.

Sasagot sana siya—kung matutulad lang din siya sa mga ito na pawang mga takot sa misis, ayaw na lang niyang isuko ang kalayaan niya. But then at that point, nagbukas muli ang pinto at pumasok ang isang nurse dala ang maliit at magandang sanggol.

Pinagkaguluhan si Baby Hera ng mga naroon, pati na rin siya. Nakalimutan na niya tuloy na gusto niyang sabihing ayaw niyang mag-asawa. Kung may ganitong kapalit naman, why not?

Hinaplos ni Miranda Simon ang cover ng isa sa mga paperbacks na kade-deliver lang sa apartment niya. Bagong nobela niya iyon—tungkol sa isang lalaking na-kidnap ng mga terorista sa Basilan kung saan nito natagpuan ang isang babaeng naunang na-kidnap dito at kung paano pinagplanuhan ng dalawa ang pagtakas.

Sa huli, ang dakilang bidang lalaki ay nabaril habang pinoprotektahan ang iniligtas nito at hindi na nahanap ang katawan nito dahil natabunan iyon ng isang landslide dulot ng sumabog na bomba.

Ngumiti siya nang tipid bago ibinalik sa kahon ang libro. Binuhat niya ang kahon para ibagsak sa ibabaw ng lima pang boxes na nasa isang sulok ng kanyang apartment. Nilalaman niyon ang iba pa niyang libro na nai-publish nitong nakaraang tatlong taon. Tantiya niya ay nasa fifty books lahat iyon dahil kada release ay may sampung kopya siya na complimentary mula sa publisher.

Sa karamihan ng mga manunulat, ang practice ay ipamigay ang mga iyon sa mga kaibigan o kamag-anak. Pero iyong mga libro niya ay nakaburo lang kung saan niya unang inilagak ang mga ito.

*“I wrote these for myself,”* katuwiran niya noong minsang binisita siya ng isang kaibigan at pinuna ang mga iyon. *“Kung may makakabili at may makakabasa, eh, di fine. But I have no intention of shoving my book down anyone’s throat just because libre ang kopya.”*

Inayos niya ang pagkakasuot ng satin wrap na ipinatong niya sa suot na manipis na pantulog nang pagbuksan niya ang dumating na delivery. Tumungo siya sa kusina at saka nag-brew ng kape. Nagsindi siya ng isang stick ng *Marlboro Menthol Lights* mula sa pack na nakakalat sa divider doon.

She inhaled deeply habang nakatanghod sa labas ng bintana. Puro bubong ng mga katabi niyang bahay sa magulong neighborhood sa Sta. Mesa ang nakikita niya kung saan siya nakatayo, ngunit may ganda naman ang eksenang iyon tuwing umaga. Doon sumisikat ang araw at may certain magic para sa kanya ang makitang nasisinagan ang makikintab na mga yero ng kapitbahay. May calming effect iyon sa kanya.

Nagsimulang umamoy ang nalulutong kape at naramdaman niya ang pagkalam ng sikmura. Humitit siya ng isa pa bago inilapag ang nagbabagang sigarilyo sa ashtray. Inabot niya ang cabinet sa ibabaw ng divider at naglabas ng bowl at mug. Ang balak

niyang agahan kasabay ng kape ay corn flakes.

Papalapit siya sa refrigerator kung saan nakapatong ang kahon ng *Kellogg's* nang mapasulyap siya sa isang bagong kalendaryong nakapatong sa gilid ng countertop. Hindi siya ang naglagay niyon doon, sigurado siya. Malamang iyong cleaning lady na naman niya ang may sala. Buwan-buwan na lang!

Padabog niyang ibinaba ang tasa at bowl bago hinablot ang kalendaryo. Pinagpupunit niya iyon bago nanggigigil na isinaksak sa basurahan ang pira-pirasong papel. Ilang beses ba niya kailangang ulitin? Ayaw niyang makakita ng kalendaryo. Ayaw niyang mapaalalahanan ng kahit ano tungkol sa petsa. Hindi ba simple lang naman iyon intindihin?

Kinakalma niya ang sarili mula sa matinding pagkapikon nang mag-ring ang kanyang landline. Ipinilig niya ang ulo at saka dinampot ang paupos nang sigarilyo. Hinitit niya ang huling bahagi niyon bago sinagot ang tawag.

“Randy!” masayang bati ng nasa kabilang linya.

“Ang aga, Neish!” nakabusangot na sagot niya sa kaibigan.

“Good morning!” Hindi nabawasan ang pagkachipper nito. “Ano’ng gagawin mo today?”

“Wala,” kubit-balikat niya as if makikita ng kausap ang gesture na iyon. “Magsusulat, as usual.”

“Nood tayong sine,” aya nito, “palabas na ngayon ’yung *Twilight!*”

Hindi siya nagkaroon ng interes sa sinabi nito. “Neish, alam mo namang ang gusto ko lang panoorin ’yung may barilan.”

“Sige na nga,” frustrated na turan nito. “Ako na lang manood mag-isa. Baka magbago isip mo, text mo na lang ako ha.”

“Yeah,” aniya bago magpaalam.

Naghahanda siya ng makakain nang mag-ring muli ang telepono.

“Wala na ba akong karapatang kumain nang matiwasay?” Itinaas niya ang mga kamay at binalikan ang aparato. “Ayokong manood, Neish. Mangulit ba?”

“Alam mo, Randy, you need good sex,” agad na bungad ng babae. “Sumosobra na kasungitan mo.”

“Sorry, Gel.” Agad siyang nag-back down dahil editor niya ang caller. “I’m having a bad morning.”

“Bad morning?” Nai-imagine niya ang pagtaas ng kilay nito. “You have endless bad mornings at si

Lord lang nakakaalam kung kailan matatapos iyan.”

Hindi iyon totoo. At least, ayon sa paniniwala at pinaninindigan niya. Napadako ang tingin niya sa salaming pintuan ng isa sa mga cabinets sa kabilang dulo ng hallway. Nakatayo na naman lahat ng buhok niya.

“Bakit ka napatawag?” Naitanong na lang niya sabay irap sa kanyang reflection.

“Itatanong ko lang kung natanggap mo ’yung bagong batch ng complimentary copies ng novel mo.”

“Yeah, I did. Salamat.” Umabot siya ng isa pa uling stick ng sigarilyo at sinindihaan iyon. Soggy na malamang ang cereal niya kung kaya bukod sa kape, wala na siyang gana para sa kahit ano nang umagang iyon.

“Congratulations!”

“Salamat.”

“Randy, bad morning or not, puwedeng may sasabihin lang ako?”

“You’re my editor, and this is a free country, sa pagkakaalam ko.”

Na-imagine naman niya ngayon kung paano

tumirik ang mga mata nito.

“Puwede bang mag-request na sa susunod mong novel, walang mamamatay? Don’t get me wrong. Magaganda ang mga sinusulat mo at mabenta sila lahat. But they’re getting more and more bloody.”

“Eh, paano ’yan? Ang setting ng next novel ko sa Afghanistan sa panahon ng giyera.”

“Randy,” buntong-hininga nito, “bakit ba hindi ka na makasulat ng masasayang libro ngayon? You used to write such nice children’s books. Kaya nga kita pinagkatiwalaan kahit high school ka pa noon.”

“Wala na ang Randy ng children’s books, Geleen. Wag mo nang hanapin. Now, I’m sorry, I don’t mean to be rude but I’m having breakfast.”

Muli niya itong narinig magbuntong-hininga. “Sige, update mo na lang ako kung kailan ka susunod na magpapasa ng manuscript, ha.”

Ibinaba niya ang telepono matapos magpaalam. Babalikan sana niya ang bowl sa dining table nang mapatingin siyang muli sa salamin ng cabinet.

Yes, iyong naka-reflect doon ay malayo na sa Miranda Simon ng children’s literature. Namatay at nailibing na iyon four years ago.



# PROLOGUE

“Isa lang ang nakikita kong solusyon sa problemang ito,” sabi ng kausap ni Bobby nang araw na iyon.

Nanliit ang kanyang mga mata. Hindi niya maisip kung ano pa ang puwedeng gawin para malusutan niya ang kinasuungang dilemma. “What?”

“Kailangan nating palabasin na patay ka na.”

Napaderecho siya ng upo. “What! That is crazy. There has got to be some other way.”

Umiling ang kanyang kausap. “Isipin mo, Bobby. Habang iniisip nila na buhay ka, hindi ka nila tatantanan. Pati pamilya mo at ang lahat ng mahal mo sa buhay ay maaaring madamay.”

Napataas ang kanyang kamay sa ulo at marahas niyang sinuklay ang kanyang buhok. Hindi niya inakala na aabot sa ganito ang lahat.

“Ano’ng sasabihin ko sa pamilya ko? Hindi naman yata ako papayag na pati sila ay mag-isip na patay na ako... na hindi na nila ako makikita kahit kailan. At si Miranda...” Huminto siya panandalian. He could not bear it if even Miranda would think he was dead.

“Kahit sila man lang sana ay makaalam ng totoo. Kapag tapos na ang lahat ng ito, gusto ko naman sanang may babalikan pa ako kahit ilang tao lang, kahit iyong mga pinakaimportante lang.”

“But your father, Bobby, hindi siya papayag kapag nalaman niya ang totoong dahilan. Natatakot lang ako na baka makisali pa siya at lalong gumulo ang lahat.”

“May alam akong paraan para hindi siya makialam.” Dumukwang sa mesang namamagitan sa kanila ang kanyang kausap para ipaalam sa kanya na handa na itong makinig. Nagpatuloy si Bobby, “Sasabihin ko na itutuloy ko ang pagsama sa mga rebelde, tulad ng una nating plano at para hindi sila madamay ay palabasin na lang namin na napatay ako. Papayag si Daddy para lang hindi madungisan ang pangalan niya sa pagkakaroon ng isang anak na rebelde samantalang isa siyang respected general.”

Hinaplos ng kanyang kausap ang baba nito habang iniisip ang sinasabi niya. “That makes sense. A cover pantabon sa isa pang cover. That will make the plan more intricate. Mas complex ang puzzle, mas mahirap i-solve.”

Nang matapos ang maiksing meeting na iyon ay lumabas ng opisina iyon si Bobby. Inayos nila ang

lahat ng detalye at sinagot lahat ng maaaring maging loopholes sa plano.

Ngayon ay mayroon lang siyang kaunting panahon para magpaalam. Kahit nga ang paglabas niyang ito ay delikado na rin kung kaya tanggap niya na sa lahat ng lakad niya hanggang siya ay ‘mamatay’, ay may mga taong nagbabantay sa kanya.

Ayaw niyang maging emosyonal sa pangyayari. Pinalaki siya ng ama sa paniniwalang kailangang gawin ang nararapat gawin at sa pagharap sa sakripisyong maaaring ibunga noon. Sa kabila noon ay nakakaramdam pa rin siya ng paninikip ng dibdib. Pero hindi hanggang nakarating siya sa kanyang kotse at nakakapit sa manibela nang mahigpit. Noon niya hinayaang humulagpos ang kinikimkim na damdamin.

Saka lamang tumanim sa kanya ang kahalagahan ng lahat ng nangyari. Kailangang iwan niya ang lahat ng mahal niya para sa kaligtasan nilang lahat.

# 1

“Jaja! May naghahanap sa iyo sa labas!” sigaw sa kanya ng nakababatang kapatid.

“Ate Jaja,” pagtatama niya rito.

Ngumisi si Perry. “Parang cool kasi, Ate, kung walang ‘ate’.”

“Cool ka diyan. Alalahanin mong bukod sa mas matanda na ako sa iyo, ako pa ang nagbabayad ng tuition mo kaya bago ka maging cool, matuto ka munang gumalang.”

“Yes, Ate,” kunwang mababang loob na tugon nito. “May naghahanap sa iyo sa labas. Guwapo. Baka ’yun na ang destiny mo kaya mas maganda kung magpapalit ka ng damit. Pero kung imposible iyon, kahit sana magsuklay ka man lang ng buhok.”

“Perry!” singhal niya.

“Concerned lang, Ate, concerned lang. Hindi normal ang twenty-five years old ka na ay hindi ka pa nagkaka-boyfriend ’tapos puro lalaking mukhang goons ang barkada mo. P’ano ka naman maliligawan? ’Tapos imbis na lipstick ang hinahawakan mo, spare

parts ng kotse at saka hose ng tubig.”

“Papalabasin mo ba ako ng bahay para kausapin ’yung naghahanap sa akin o sesermonan mo muna ako?”

Sumimangot ang kapatid. “Kakainis ka talaga.”

“Alam mo, Perry, para sa isang third year high school pa lang na nag-i-identity crisis kaya hindi pa sure kung mababakla later on o metrosexual lang, masyado kang maraming opinyon para sa akin.”

“Sige na nga. Lumabas ka na nga bago mo pa unghatin ang genetics na dahilan ng pagiging ganito ko. Alam ko nang may bakla sa lahi natin. And for the record, mas malamang sa hindi na hindi ako mababakla. Kasi parang naka-crush-an ko na si Berryl na classmate ko.”

Napangiti siya. “Hay, naku! Kahit ano, as if naman mas mamahalin pa kita kung straight ka. Kung saan ka masaya.”

“Mas masaya ako kung magsusuklay ka.”

Padabog na iniwan niya ang kapatid at imbis na sundin ang suhestyon nito ay itinaas niya lang ang buhok at hinila mula sa braso ang kulay itim na rubber band at saka walang seremonyang itinali

ang buhok. Hindi pa niya tapos higgitan iyon nang mahinto siya sa paghakbang dahil nakita na niya kung sino ang naghahanap sa kanya.

*Could it be?*

Umiling siya. Imposible. Ang alam niya ay namatay na ito mahigit limang taon na ang nakakaraan.

“Ikaw ba ang naghahanap sa akin?”

“Ikaw ba si Jaja?” walang ngiting tanong nito imbis na sagutin ang tanong niya.

*That voice. Pati boses nito ay pamilyar sa kanya.*

“Okay ka lang ba?” tanong nito.

“O-okay lang. Ako nga si Jaja.”

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa at sa loob ng sampung segundong iyon, nahiling niya na sana ay sinunod niya si Perry at nagbihis man lang siya nang maayos o kaya naman ay nagsuklay.

Walang expression sa mukha ng kaharap na makakapagsabi sa kanya kung natuwa ba ito o hindi sa nakita sa kanya.

Nagsalita agad ito. “May kailangan akong ilang piyesa ng isang old car... a *Plymouth* vintage na gusto kong ayusin. S’abi nila, baka sa iyo raw ako

makahanap.”

Tumango siya. “Yeah. Baka matulungan kita.”

Isa sa mga fascinations ng daddy niya ang *Plymouth* kung kaya alagang-alaga ang mga inventories ng mga iyon na dinagdagan pa ng mga random buys na ginagawa nila sa loob ng maraming taon tuwing may rare parts na magiging available for sale.

Sa kauna-unahang pagkakataon ay sumilay ang maliit na ngiti sa guwapo nitong mukha. “Good. I’m Bobby, by the way.”

Napanganga siya. Hindi siya nagkamali. Ang kaharap niya ay si Bobby de Castro, ang pinakamagaling na car racer noong siya ay high school hanggang early college pa.

Ang bonding nila ng ama niyang mahilig din sa sasakyan ay ang panonood ng mga car races, at isa sa mga paborito nito si Bobby de Castro. Paborito niya rin ito. Una, dahil nahawa siya sa kanyang daddy. Pangalawa ay dahil sa palagay niya ay wala nang mas cute pa rito. Ilang taong nakalagay sa kisame ng kuwarto niya ang blown-up picture niya katabi nito.

Nasa U.S. sila dahil nagpapagamot ang daddy niya nang mabalitaan niyang namatay ito. She

remembered being shocked by the news and being upset. Pero inagaw ang atensyon niya nang mas malaking trahedya sa buhay niya—the death of the father she loved so much. Tuluyan na silang inulila ng pagkawala ng kanyang ama dahil namatay ang mommy niya two years ahead dito. Ang naiwan sa kanya ay ang kanyang kapatid na noon ay grade six pa lang. Obviously, hindi iyon panahon para tumutok sa balita ng isang favorite racer.

So hindi pala ito namatay.

Hindi pa rin nagbabago ang hitsura ni Bobby. Iyon pa rin ang intense na mga mata, ang olive skin, ang mukhang kahit siguro tatlong beses maghapon mag-ahit ay hindi pa rin mawawalan ng maliliit na stubbles. Ang buhok na tatlong iba't ibang shades yata ang kulay. Tumanda lang ito nang bahagya mula noong kunan ang picture na pina-blow up niya, pero ganoon pa rin ang tangkad at matipunong katawan. Ang kaibahan nga lang, parang hindi na ito marunong ngumiti maliban sa manipis na paggalaw ng gilid ng mga labi.

‘A ghost of a smile’, her father would describe it.

Minarapat niyang hindi ito tanungin tungkol sa nalaman niyang pagkamatay nito. Weird sigurong sabihin niya sa taong hindi niya ka-close na, “Oh, I



thought you were dead” o kaya naman ay, “Buhay ka pa pala?” Baka isipin nitong may sayad siya sa utak.

“I’m Jaja Resureccion,” pakilala niya sa sarili.

---

“Nahanap din kita.”

Pagkabigkas noon ay tahimik na inobserbahan ni Bobby ang babaeng kaharap. Isang car parts supplier ang nag-refer sa kanya rito at nagkuwento ukol dito kahit hindi naman siya nagtatanong.

*“Kapag wala ka nang mahanapan ng parts ng isang vintage, isa lang ang puwede mong lapitan—si Jaja Resureccion. Siya ang nagtuloy ng business ng yumao niyang ama. Minana rin ng daddy niya iyon sa kanyang lolo. Siya na lang ang may stock pa mula sa mga inventories nila mula noong unang magbukas sila noong early 50’s. Everything is in mint condition. At isa pa, magaling din iyong si Jaja magmekaniko kaya matutulungan ka niya. Iyon nga lang para makuha mo ang loob niya para tulungan ka, kailangan maki-pare-pare ka muna sa kanya. Kapag nayaya ka na sa inuman sa first Friday night grill nila, close na kayo, ibig sabihin. Kailangan lang malakas kang uminom kasi iyang si Jaja pa lang, kayang-kayang itumba lahat ng kainuman niya,” anito.*

Dahil sa komentaryong iyon, may stereotypical na hitsurang pumasok sa utak niya: tomboy, maiksi ang buhok, hiphop na damit. Iyong stereotyping na iyon ang dahilan kung bakit nagulat siya sa babaeng kaharap.

Hindi ito nakapustura pero walang makikitang trace ng typical tomboy, or at least ng isang babaeng ang hobby ay pagmemekaniko, sa hitsura nito.

Malaki nga ang t-shirt nito na nagkukubli na halos sa maiksing shorts na pinatungan noon. Pero ang t-shirt ay humahakab sa kaaya-ayang hugis ng katawan nito lalo pa at nakataas ang mga braso nito kanina dahil sa pagtatali ng buhok. At ang maiksing shorts ay nagpapakita ng mahuhugis na binti. May kaunting galos sa itaas na bahagi ng hita nito pero imbis na makapangit doon ay lalo lang nagdadala ng atensyon ng tumitingin sa lugar na iyon para i-appreciate ang magandang hita nito. It made her look sexier.

Ang pagkakataas ng buhok nito, matapos nitong itali ang mukhang hindi sinuklay na buhok ay nagpakita lamang ng high cheekbones, patrician forehead, hindi katangusan ngunit cute na ilong at mga labing parang handa laging ngumiti. Walang makeup, walang kahit anong ayos, her face was still

quite attractive. Not exactly beautiful, but rather, isang mukhang masarap titigan dahil maku-curious ka sa posibilidad ng mukhang iyon.

“Pasok ka muna, Bobby. Pag-usapan natin kung ano eksakto ang kailangan mo. May gusto ka bang inumin?”

Ah, there it was. Wala sa hitsura nito ang karakter na inasahan niya, nasa pagsasalita at attitude nito. Ang paraan ng pag-iimbata nito sa kanya na para bang magiging magkumpare sila balang araw. Tatanggihan sana niya iyon. Wala siyang balak makipagkumpare o kahit makipagmalapitan man lamang kahit kanino. Pero naalala pa niya ang bilin ng taong nagbigay sa kanya ng contact ni Jaja.

*“Kapag inimbitahan ka, pagbigyan mo agad dahil kung hindi, baka hindi ka makapasok sa vintage room. Pangarap ng lahat ng mahilig sa vintage na maimbitahan doon.”*

“Okay. Hindi lang ako puwedeng magtagal masyado,” sabi niya.

“Sure. Sigurado akong busy ka.”

*Busy?*

*Right.*

He knew he should be busy trying to regain his life. Sa halip, ang gusto niya lang gawin ay ang ikumpuni ang isang lumang kotse. He would fix the precious 1967 *Plymouth Cuda 340* convertible which was sold to him five years ago and which his father kept in their garage. Iyon ang una niyang gagawin sa pagbabalik-buhay niya.

The girl in front of him—Jaja, ito ang may hawak ng mga spare parts na kailangan niya para buuin at patakbuin muli nang higit pa sa orihinal ang lumang kotseng iyon.

---

Pinapasok siya sa isang lugar na sa tingin niya ay opisina nito. It still had the look of an office previously occupied by men. Pero may karagdagan na roon na palagay niya ay inilagay ng kasalukuyang may-ari: some nicely framed pictures, a multi-colored throw rug, flat screen television and a DVD collection, a low table with books and magazines, a refrigerator with several reminders and a netbook on top of a newly-varnished old desk.

“This is not where you keep your inventories,” obserbasyon niya.

Nagbukas ito ng ref at tinitigan ang laman noon.

Inilabas nito mula roon ang isang canned soda at isang beer. Humarap ito sa kanya at itinaas ang dalawang lata para papiliin siya. Pinili niya ang beer. Inihagis nito iyon sa kanya bago buksan ang natira sa kamay na *Coke*. Mabuti na lang mabilis ang reflex niya, nasalo niya ang malamig na lata.

“Nasa kabilang lot. Iyong car wash. Sa loob noon ang warehouse namin at sa loob noon ay ang vintage room,” tugon nito sa tanong niya.

Nakita niya ang tinutukoy nitong car wash kanina. Hindi lang niya naisip na bahagi rin iyon ng business venture ng babae.

Tila nakita nito ang expression sa mukha niya dahil nagpaliwanag ito. “The car wash takes care of our daily needs. Hindi masyadong mataas ang demands ngayon for vintage car parts.”

Tumango siya bago lumagok ng beer na siyang unang laman ng tiyan niya nang araw na iyon. “For starters, I need a center grille, a gearbox engine mounting and chrome moldings for a *67 Plymouth convertible*.”

Namilog ang mga mata ng dalaga. “Don’t tell me you have a *Cuda 340*?”

Tumango siya.

“Paksyet! No way!” bulalas nito bago tila napahiya. “I’m sorry. It’s just that, my dad had been looking for one before... he died.” Parang hirap na hirap itong sabihin ang huli.

“A friend sold it to me a long time ago. Ngayon ko lang naharap,” aniya. “So do you have the parts I need?”

“I will have to check. Pero kung wala ako, siguradong may mapagkukunan ako. Kailan mo kailangan?”

“Soonest possible time,” aniya.

“Puwede ko ba siyang makita?” tanong ni Jaja na ang ibig sabihin ay ang *Plymouth*.

“No!” Mabilis at may kailapan ang sagot niya. Hindi niya iyon pinag-isipan. Mas kinasanayan na niya ang putulin ang kung ano pa mang puwedeng pag-ugatan ng personal na ugnayan. And this car was very very personal. “Just find out if you have the parts and give me the cost.” Iniabot niya rito ang piraso ng papel kung saan nakasulat ang bagong cellphone number niya.

Imbis na magmukhang na-offend sa pagsusuplado niya ay nagkibit lang ng balikat ang kaharap. “Of course. Sige. Wala ka na bang ibang kailangan?”

*Reaching Bobby - Carla Giopaolo*

---

“Iyon lang muna. Ipapaalam ko sa iyo kung may kakailanganin pa ako later.”

Nakita niyang idinikit nito ang numero niya sa refrigerator gamit ang isa sa mga ref magnets doon. Humarap ito sa kanya. “Okay. Tatawagan na lang kita.”